

LA COSTITUZIONE DELLA
REPUBBLICA ITALIANA

ANG KONSTITUSYON NG
REPUBLIKA NG ITALYA

Pagpapakila

Ang animnapung taong Pagtitibay ng Kapulungang konstitusyonal, ay nagmumungkahi ng isang publikasyong alay sa mga mamamayang estrangherong naninirahan sa ating lunsod: Ang nilalaman ng Saligang Batas, ay pagkakataon upang mag-isip ng higit sa iisang beses, ang napapanahong prinsipyong nilalaman nito na umuugat at nagbibigkis upang mamuhay ng sama-sama, sibil at demokratiko.

Ang pangunahing pagtutok sa pagpapahalagang hindi mababago at malalabag ng tao, ang saligang batas ay kinikilala ang pantay na panlipunang dignidad at pagkakapantay-pantay sa harap ng batas ng

walangkinikilingan ano man ang kasarian, ang wika, ang relihiyon, ang opinyong pulitika, at ang antas ng kalagayang sosyal at personal.

Ang ligal na pusisyon ng isang estranghero ay nasa pag-iingat ng batas konstitusyonal sa pagitan ng mga pagbabagong pinagtibay ng batas dahil ang mambabatas ay kinakailangang sumunod sa pangkalahatang batas internasyonal at sa batas na pinagkasundo ng Italya.

Ang bukas na pagtatanggap sa pamayanang kumikilala sa mga karapatan ay tapat na kinikilala ang pamayanang may tungkulin at walang diskriminasyon sa harap ng sinumang naiiba, pamayanang kumakatawan sa pagkilala at pagpapahalaga sa ibat-ibang opinyon, may paggalang sa didnidad at sa pagtatanggol ng karapatan tulad ng pagsisiguro na ang kabutihan ay hindi lang para sa isang tao kundi para sa interse ng buong kolektibo.

Ang ibig sabihin ng hindi malalabag, ay tulad ng paglalarawan ng bawat karapatan ng isang tao. May sukdulang hangganan na kinikilala ng mismong ating bansa kung kaya't may tiyak na hangganan sa bawat pagbabagong konstitusyonal. Tinitiyak din na pinapalawak sa mga pormasyong -sosyal na kung saan ang mamamayan ay natitiyak na may kalayaang mapabilang sa mga samahan, na bumuo na mga ideya at maipahayag ito, ipabatid ang nais sabihin maging ang hindi pagsang-ayon o iharap ang naiibang opinyon.

At sa pagkilala ng pagkakaiba-iba sa pagitan ng interes ekonomiko, antas panlipunan, o pagkakaiba ng kinikilingang ideyal, kayo rin ay kumikilalala ng ganting pagkakaiba ng lahi, relihiyon, kultura at tradisyong pulitikal, ayon sa prinsipyo ng pluralismo at pagpaparaya na maaring tanggapin at isapuso sa konteksto ng pamumuhay ng sama-sama at may kapayapaan.

Ang Saligang Batas -Italyana ay itinatangi ang digmaan. Ang ibig sabihin nito ay ang pagtitiwala sa diplomasiya, sa diyalogo sa pagitan ng dalawang bansa at sa sariling kakayanan ng mga organismong internasyonal na kung saan ang Italya ay maaaring ibigay ang kanyang bahaging kapangyarihan sa mga usaping kontrobersyal.

Ngayon ang pananaw ng mga italyanong mambabatas ay magtuturo hindi lang para sa mga italyano kundi pati sa mamamayan ng mundo. Sa pangkalahatan ang tao ay may higit na seryosong problemang kailangang harapin. (ang kahirapan at di pagkakapantay-pantay, ang kapayapaan, ang problema sa kapaligiran). Kung pag-iisipan nating lutasin ng nag-iisa tinatahak natin ang maling landas dahil ang kalutasan ng ating problema'y hindi maiiwasang iisangtabi ang iba. Subalit kung lulutasin natin ng samasama ang problema mapag-aalaman natin na wasto ang magsama-sama at hindi ang paghahati; sa

ngalan ng kalayaan at didnidad ng tao na noon at ngayon ito lang ang nagtatahi sa kulturang pampulitika at usaping pangrelihiyon na bubuo ng mundo at ng minanang yamang-bansa.

Ang nabanggit na prinsipyo na makikita sa titulo I ng Saligang Batas ay pinagkatiwala ang paggalang at pagbabantay sa karapatan ng mamamayang estrangherong naninirahan sa ating bansa.

Sa ganito ring prinsipyo at sa nabanggit na pagpapahalaga ng ating lungsod na nakabuklod sa tradisyon at sa kanyang kasaysayan ng pagtanggap, pagiging bukas sa diyalogo at integrasyon, laging nagkakaisa

sa paggalang ng iba'-ibang kultura, relihiyon, lahi na kung saan dito niya natagpuan ang pagkakaibigan at ang mabuting pagtanggap.

Leonardo Domenici
Punong lunsod ng Firenze

Panimulang Bati

Mula sa karanasan ng konsilyo ng teritoryo para sa imigrasyon ng lalawigan at ng Prefettura ng Alessandria na kanila nang nalimbag ang Saligang Batas -Italyana sa wikang rusa, albanese, pranses, espanol at araba na kung saan kanilang itinaguyod ang proyektong iminungkahi ng Samahan ng Laboratoryong Pangboluntaryo para sa Dyalogo sa pagitan ng iba't-ibang kultura sa Tortona (Associazione di Volontariato Laboratorio per il Dialogo tra le culture di Tortona), ang administrasyong munisipal salamat sa kanilang balidong tulong at pakikipagtulungan ay nagawang muling isakatuparan ang nabanggit na proyekto. Sa katunayan ang kasunduan sa Konsilyo ng teritoryo para sa imigrasyon ng Firenze ay malugod na napagkasunduan na isalin rin ang Saligang- Batas hindi lang sa wikang nabanggit sa itaas kundi pati sa wikang Ingles, Pilipino, at Intsik, na kung saan marami ang bilang ng ma ito sa teritoryong fiorentino.

Bilang Konsehal para sa Pagtanggap at Integrasyon inaako ko ang aking tungkuling isakatuparan ang gawaing ito dahil sa mga nakaraang buwan marami akong natutunan hinggil sa kalagayan ng mga estranghero at napag-isipan kong maliban sa mga pamilyang italyana napakagandang ihandog sa mga estranhero ang kopya ng ating batayang-Karta bilang pagbibigay at pagtuturo ng tungkulin at karapatan ng mamamayan. O mas mainam sabihing maunawaan ang prinsipyo at mga aral nito.

Mapapansin din natin na sa paglipas ng maraming taon mula ng ito'yipinagtibay, ipinapakita parin na ito'y makabago at napapanahon isangbatayang maaring gabayan ang buhay-sibil ng isang tao. Nais ko ringbigyan diin ang taos pusong

pasasalamat sa Lalawigan at sa Prefettura ngAlessandria at sa pangulo ng Samahan ng Laboratoryong Pangboluntaryopara sa Diyalogo sa pagitan ng iba't-ibang kultura sa Tortona (Associazione di Volontariato Laboratorio per il Dialogo tra le culture di Tortona), dahil ang malaking bahaging trabaho sa likod ng proyektong ito ay isinagawa ng mamamayang estranghero ng halos walang bayad..

Lucia de Siervo

Konsehal para sa Pagtanggap at Integrasyon
(Assessore all'Accoglienza e Integrazione)

ANG KONSTITUSYON NG REPUBLIKA NG ITALYA

Sa bisa ng kapangyarihan ng kapulungang konstitusyon, na sa kaniyang pagpulong noong 22 Disyembre 1947 ay pinagtibay ang Konstitusyon ng Republika ng Italya;

Sa bisa ng XVIII Pangwakas na Itinatadhana ng Konstitusyon;

Ipinapahayag

Ang Konstitusyon ng Republika ng Italya sa sumusunod na teksto:

MGA SIMULAIN

Art. 1

Ang Italya ay isang Demokratikong Republika, sumibol mula sa gawa.

Ang ganap na kapangyarihan ay angkin ng sambayanan na kanilang itataguyod sang-ayon at hanggang sa itinatakda ng Konstitusyon.

Art. 2

Kinikilala at sinisiguro ng Republika ang karapatan ng tao na hindi dapat nilalapastangan, bilang indibidwal, at sa lipunan kung saan niya ipinapahayag ang kaniyang pagkatao at nangangailangan ng katuparan ng walang hangganang katungkulan sa pampulitikal, pang ekonomya at panlipunan na pagkakaisa.

Art. 3

Ang lahat ng mga mamamayan ay may pantay na dignidad sa lipunan at pantay sa mata ng batas, na walang kinikilingan batay sa kasarian, lahi, wika, relihiyon, opinyon sa pulitika, pansarili at pangsosyal na kalagayan.

Katungkulan ng Republika na alisin ang lahat ng mga balakid pang-ekonomya at pangsosyal na pag-unlad na sumasagabal sa kalayaan at pagkapantay pantay ng mga mamamayan, humahadlang sa pag-unlad ng tao at sa epektibong pakikibahagi ng lahat ng mga manggagawa sa mga politikal, ekonomya at sosyal na mga samahan sa bansa.

Art. 4

Kinikilala ng Republika ang mga karapatan ng lahat ng mga mamamayan na gawin at paunlarin ang anumang kalagayan tungo sa pagiging epektibo ng mga karapatang ito.

Bawat mamamayan ay may katungkulan, batay sa kaniyang kakayahan at indibidwal na pagpipili, na gampanan ang isang gawain o katungkulan na makapag-aangat sa materyal at spiritual na pag-unlad ng lipunan.

Art. 5

Ang Republika, na nag-iisa at hindi nahahati, ay kinikilala at isinusulong ang kalayaan sa mga lokal na pamahalaan; isinasagawa sa mga iyon ang mga serbisyong nanggagaling sa estado nang may ganap na desentralisasyon sa pamamahala; ibabatay ang mga prinsipyo at pamamaraan ng kaniyang batas ayon sa mga hinihingi ng awtonomya ay desentralisasyon.

Art. 6

Ipinagsasanggalang ng Republika ang mga wikang minorya sa pamamagitan

ng mga wastong kaparaanan.

Art. 7

Ang estado at ang simbahan ay may kasarinlan at kalayaan batay sa sariling niyang tagubilin.

Ginagabayan ng Kasunduan Lateran (Lateran Treaty) ang kanilang relasyon. Ang mga pagbabago sa kasunduan na sinang-ayunan ng pareho ay di na nangangailangan ng paraan para sa pagbabago ng konstitusyon.

Art. 8

Lahat ng grupong pang-relihiyon ay pantay-pantay ayon sa batas.

Lahat ng grupong pangrelihiyon bukod sa katoliko ay may karapatan na magbuo ng kanilang sariling batas na hindi magiging lihis sa batas ng Italya.

Ang kanilang relasyon sa Estado ay ginagabayan ng

batas na napagkasunduan ng kanilang mga kinatawan.

Art. 9

Ininusulong ng Republika ang pag-unlad ng kultura at mga siyentipiko at teknikong pagsasaliksik.

Pinangangalagaan ng Estado ang mga tanawin at mga makasaysayan at artistikong pamana na pag-aari ng bansa.

Art.10

Ang mga batas ng Italya ay umaayon sa nilalaman ng batas pang-internasyunal na kinikilala ng lahat.

Ang makatarungang katayuan ng mga dayuhan ay isinasaayos ng batas alinsunod sa mga itinatadhana at mga kasunduan sa batas pang-internasyunal.

Ang isang dayuhan na pinagkaitan ng kaniyang sariling bansa ng demokratikong kalayaan na ibinibigay ng Konstitusyon ng Italya ay may karapatan

na mapagkalooban ng asaylum sa teritoryo ng Republika, na dapat ay umaayon sa mga kundisyong itinatag ng batas.

Ang deportasyon o pagpapatapon ng isang dayuhan sa kadahilanan ng pulitikal na paglabag ay hindi pinapayagan.

Art. 11

Itinatakwil ng bansang Italya ang digmaan bilang kasangkapan sa pagsalakay upang ipaglaban ang kalayaan ng ibang tao at bilang paraan sa paglutas sa mga internasyunal na pagtatalo; pinapahintulutan nito, sa kundisyon ng pagkapantay pantay sa ibang mga estado, sa mga limitasyon ng kalayaan na mahalaga upang masiguro ang kapayapaan at katarungan sa pagitan ng mga bansa; itinataguyod nito at pinapasigla ang mga bansang may ganitong layunin.

Art. 12

Ang bandila ng Republika ay may tatlong kulay: berde, puti at pula, na tatlong kulay na pinatayong magkakatabi na may mga magkakaparehong sukat.

Unang Parte Mga karapatan at tungkulin ng mga mamamayan

Titolo I

Mga karapatan ng mga mamamayan

Art.13

Ang kalayaang pansarili ay hindi nilalabag. Sa kahit anupamang kaparaanan, walang pagpipigil, pagsusuri o paghalughog ang pinahihintulutan, o kahit ibang pang pagtatakda sa kalayaang pansarili maliban lamang kung may warrant na nagsasaad ng mga kadahilanan mula sa hukuman o

maykapangyarihan at ito ay tanging sa mga pangyayari at pamamaraang itinatakda ng batas.

Sa mga bukod tanging pangyayari dahil sa pangangailangan, na dapat tumutugma sa isinasaad ng batas, ang mga pulis o maykapangyarihan ay maaaring magtakda ng mga pansamantalang kaparaanan, na kinakailangang maipagbigay alam sa loob ng apatnaput walong oras sa mga awtoridad ng hukuman at kung ang mga kaparaanang ito ay hindi napagtibay ng mga nasabing awtoridad sa sumusunod na apatnaput walong oras, ang mga ito ay mawawalan ng bisa at saysay.

Lahat ng uri ng mga mararahas na gawain sa pisikal at moral laban sa isang tao na napasailalim sa kakulangan ng kalayaan ay pinaparusahan. Itinatag ng batas ang pinakamahabang panahon

ng prebentibong pagdedetini.

Art. 14

Ang tahanan ay hindi nilalabag.

Ang mga pagsisiyasat o pagsasaliksik o pagsamsam ay hindi maaaring isagawa maliban sa mga pangyayari o pamamaraan na itinakda ng batas na dapat ay tumutugma sa mga itinakdang kaseguruhan upang mapangalagaan ang kalayaang pansarili.

Ang mga pagkontrol at pagsisiyasat para sa kalusugan at kaligtasan ng publiko o para sa mga hangaring pang ekonomya at pampinansiyal ay isinasagawa sa pamamagitan ng itinanging mga batas.

Art. 15

Ang kalayaan at pagiging lihim ng korispondensa at iba pang uri o paraan ng komunikasyon ay hindi nilalabag.

Ang itinatakda sa nauna ay maaaring hindi masunod sa pamamagitan lamang ng warant na nagbibigay ng mga kadahilanan na inisyu ng isang awtoridad ng hukuman na may kaseguruhang itinatag ng batas.

Art. 16

Ang lahat ng mga mamamayan ay may kalayaang magbiyahe o manatili ng ilang araw saan mang parte ng pambansang teritoryo, maliban lamang sa ilang mga limitasyon na itinakda ng batas para sa kalusugan at kaligtasan. Ang mga rason na may kinalaman sa pulitika ay hindi maaaring gamiting limitasyon.

Ang lahat ng mga mamamayan ay malayang iwanan at muling pasukan ang teritoryo ng Republika, kinakailangan lamang na ang mga katungkulan ayon sa batas ay naisasakaturan.

Art. 17

Ang mga mamamayan ay may karapatang magpulong ng matahimik at walang armas.

Walang kinakailangang paunang paunawa para sa mga pagpupulong kahit na sa mga lugar na bukas sa publiko.

Ang mga pagpupulong sa mga lugar na pampubliko ay kinakailangang ipaalam muna sa mga kinauukulan, na maaaring hindi magbigay ng kapahintulutan sa motibong pangseguridad at pampublikong kaligtasan.

Art. 18

Ang mga mamamayan ay may karapatang magbuo ng mga asosasyon ng malaya at walang legal na pahintulot, na ang layunin ay hindi dapat lumabag sa kahit isa sa mga batas kriminal.

Ang mga lihim na asosasyon at mga nagtataguyod ng kahit hindi tuwiran, ng mga makapulitikang layunin sa

pamamagitan ng mga organisasyong militar ay ipinagbabawal ng batas.

Art. 19

Ang lahat ay may karapatan sa malayang pagpapahayag ng kanilang relihiyosong paniniwala sa kahit na anong anyo, indibidwal o kasangkot, ikalat ito o isagawa sa isang pribado o publikong kulto, na kinakailangang ang mga ritwal ay hindi lumabag sa moralidad.

Art. 20

Ang pagiging eklesyastikal at ang layunin ng relihiyon o pagsamba ng isang asosasyon o institusyon ay maaaring hindi magiging dahilan ng mga limitasyon ng batas, o ng pagtatakda ng bayad sa kaniyang pagkabuo, legal na kakayahan at sa kahit anupaman sa kaniyang mga gawain.

Art. 21

May karapatan ang lahat sa malayang pagpapahayag ng kaniyang kaisipan sa pamamagitan ng pagsalita, pagsulat o iba pang paraan ng komunikasyon.

Ang pahayagan ay hindi pwedeng sumailalim sa awtorisasyon at sensura.

Pinapayagan lamang ang pagsasara ng pahayagan kung mayroon detalying warrant mula sa pinuno ng hukuman na nagpapakita ng mga paglabag sa batas na may kaugnayan sa pamamamahayag, o kaya ay kung mayroon tinutukoy na nananagot sa paglabag sa mga pobisyon itinatakda ng batas.

Kung sa pagkakataon na kailangan ang mabilis at ang pamamagitan ng pinuno ng hukuman ay hindi possible, pwedeng samsamin ng mga pinuno ng mga pulis ang naturang pahayagan, at daglian niya at di dapat na lumampas ng dalawampu't-apat na oras

upang magbigay ng ulat sa pinuno ng hukuman. Kung hindi pinagtibay ng huli ang nangyari, ibig sabihin nito ay dapat na ibalik ang mga nasamsam at ang nanganap ay walang bisa.

Pwedeng itatag ng batas sa pamamagitan ng pangkalahatang probisyon na maipakita kung saan nagmumula ang kaniyang pinansya.

Ang mga lathalain nakasulat, mga palabas at naka-display na labag sa moralidad ay ipinagbabawal. Magtatakda ang batas ng tamang paraan para maiwasan at mahinto ang lahat ng paglabag.

Art. 22

Walang sinumang mamamayan ang maaaring pagkaitan, sa pulitikal na kadahilanan, ng kaniyang legal na karapatan, pagkamamamayan at pangalan.

Art. 23

Walang anumang serbisyo o obligasyon ang maaaring ipataw sa anumang bagay na personal man o pamana maliban lamang kung ito ay itinakda ng batas.

Art. 24

Bawat isa ay may karapatan na gumawa ng legal na hakbang upang maipagsanggalang ang karapatan at lehitimong interes.

Ang karapatan sa pagkakaroon ng tagapagtanggol o depensa ay hindi dapat labagin sa kahit aling bahagi o oras ng paglilitis.

Ang mga maralita ay binibigyan ng katiyakan, sa pamamagitan ng mga angkop na institusyon, ng kakayahan sa pagkilos at pagdepensa sa harap ng lahat ng lebel ng hukuman. Ang batas ang nagtatakda ng mga kundisyon at pamamaraan para sa

pagwawasto ng mga pagkakamali sa hukuman.

Art. 25

Walang sinuman ang maaaring tanggalan ng hatol na likas na ipinataw ng batas.

Walang sinuman ang maaaring parusahan maliban lamang kung ang pagpaparusa ay umaayon sa batas na pinagtibay bago nangyari ang pagkakasala.

Walang sinuman ang maaaring mapasailalim sa proteksiyong pangseguridad maliban lamang sa mga kaso na itinakda ng batas.

Art. 26

Ang pagpapatapon ng isang mamamayan sa labas ng bansa ay pinapayagan lamang sa mga kaso na mahayagang itinatakda ng mga internasyunal na kasunduan.

Sa kahit anupaman ang pagpapatapon dahil sa pagkakasalang may

kinalaman sa pulitika ay hindi pinapayagan ng batas.

Art. 27

Ang responsibilidad sa krimeng nagawa ay personal o indibidwal.

Ang nasasakdal ay hindi pa maaaring ituring na nagkasala hangga't hindi napatunayan sa pamamagitan ng hatol ng hukuman.

Ang pagpaparusa ay hindi dapat sumasalungat sa makataong dignidad kundi ito ay naglalayong magkamit ng pagbabagong-buhay para sa nagkasala.

Ang parusang kamatayan ay hindi pinapayagann, maliban lamang sa mga kasong itinatakda sa batas militar.

Art. 28

Ang mga opisyal at empleyado ng estado at iba pang tanggapang pampubliko ay tuwirang reponsable ayon sa batas kriminal, sibil at administratibo, sa lahat ng

nagawang mga paglabag sa mga karapatan. Sa ganitong mga kaso, ang responsibilidad pang-sibil ay umaabot sa estado at sa mga tanggapanang pampubliko.

Titulo II

Mga kaugnayang pang-etikal at panlipunan

Art. 29

Kinikilala ng Republika ang mga karapatan ng pamilya bilang isang likas na lipunan na itinatag sa pamamagitan ng pagpapakasal. Ang kasal ay batay sa moral at legal na pagkakapantay ng mag-asawa na napapaloob sa mga limitasyong inilatag ng batas na nagbibigay katiyakan sa pagkakaisa ng pamilya.

Art. 30

Katungkulan at karapatan ng mga magulang ang suportahan, turuan at pag-aralin ang

kanilang mga anak, kahit iyong mga anak sa labas ng sakramento ng kasal.

Sa mga kasong walang kakayahan ang mga magulang, ang batas ay naglalaan upang maiskatuparan ang kanilang mga tungkulin.

Binibigyang katiyakan ng batas sa mga batang isinilang sa labas ng matrimonyo ang buong legal at panlipunang proteksyon na katulad ng sa mga karapatan ng mga miyembro ng lehitimong pamilya.

Ang batas ang nagtatakda ng mga patakaran at limitasyon sa pagtukoy ng pagkaninuno.

Art. 31

Ang Republika ay tumutulong sa pamamagitan ng mga pang-ekonomyang kaparaanan at iba pang mga paglalaan, sa pagbuo pamilya at sa pagtupad sa mga katungkulan nito na may pangunahing pagsasaalang-

alang sa mga pamilya na maraming miyembro.

Pinangangalagaan ng Republika ang pagiging ina, pagiging sanggol at pagiging kabataan kung saan isinusulong nito ang mga institusyon na kinakailangan para sa mga nasabi.

Art. 32

Pinangangalagaan ng Republika ang kalusugan bilang pangunahing karapatan ng isang tao at bilang kolektibong interes at tinitiyak nito ang libreng pagpapagamot para sa mga mahihirap.

Walang sinuman ang obligadong sumailalim sa isang partikular na pagpapagamot maliban lamang kung ito ay nakapasaloob sa itinatakda ng batas. Ang batas, sa ilalim ng kahit anong pangyayari, ay hindi dapat lumabag sa mga limitasyong itinakda bilang respeto sa pagkatao ng isang tao.

Art. 33

Ang sining at agham ay libre at ang pagtuturo sa mga ito ay walang bayad.

Inilalata ng Republika ang mga pangkalahatang tuntunin para sa edukasyon at nagtatatag ng mga pang-estadong eskwelahan ng lahat ng uri at baitang.

Ang mga entidad at mga pribadong tao ay may karapatang magtatag ng mga paaralan at mga institusyong pang-edukasyon, nang walang ipinapataw ang Estado.

Ang batas, sa kaniyang pagsasaayos ng mga karapatan at tungkulin ng mga pribadong paaralan na humihiling ng pagkakapantay pantay, ay dapat ipasiguro sa mga ito ang buong kalayaan at sa mga mag-aaral ng iskolastikong pagtrato na kapantay ng sa mga nag-aaral sa mga paaralang pang-estado.

Ang mga pang-estadong pagsusulit ay itinatakda

para sa mga mag-aaral upang makapasok sa iba't ibang uri at baiting ng paaralan, o sa kanilang pagtatapos at sa pagtiyak ng kanilang kakayahan sa paggamit ng propesyon.

Ang mga institusyon ng mas mataas na paaralan, mga unibersidad at mga akademya, ay may mga karapatang magtakda ng kanilang mga sariling regulasyon na dapat napapaloob sa mga itinatakda ng batas ng Estado.

Art. 34

Ang mga paaralan ay bukas para sa kaninuman.

Ang mababang paaralan o elementarya, na tumatagal sa di bababa ng walong taon ay sapilitan at libre.

Ang mga mag-aaral na may kakayahan at karapat dapat na talino, kahit walang kakayahan sa pinansiyal ay may mga karapatang magtamo ng pinakamataas na antas ng edukasyon.

Isinasakatuparan ng Republika ang nabanggit sa pamamagitan ng libreng pag-aaral o iskolarship, pagbayad sa mga pamilya at iba pang mga pagsustento, na dapat ay ipinapatupad batay sa resulta ng isang pagsusulit upang malaman ang kakayahan ng mag-aaral.

Titolo III

Mba kaugnayang pang-ekonomya

Art. 35

Pinangangalagaan ng Republika ang trabaho sa lahat ng uri at pagkakagamitan.

Ang Republika ay naglalaan ng mga kasanayan at mga pagpapaunlad prupesyunal para sa mga manggagawa.

Isinusulong at pinapasigla ng Republika ang mga Internayunal na kasunduan na ang mga layunin ay ang

ipahayag at pangasiwaan ang trabaho.

Kinikilala nito ang kalayaan sa pangingibang lupain sa pamamagitan ng pagsasanggalang sa mga tungkulin na itinatag ng batas para sa interes ng nakakarami, at pinangangalagaan nito ang mga manggagawang Italiano sa ibang bansa.

Art. 36

Ang mga manggagawa ay may karapatan sa sahod na karapat dapat sa uri at dami ngkanilang trabaho at sa lahat ng pagkakataon ay sapat upang matiyak na sila at ng kanilang mga pamilya ay mabuhay na malaya at may dignidad.

Ang dapat na pinakamahabang dami ng oras sa pagtatrabaho ay itinatakda ng batas.

Ang mga manggagawa ay may karapatan sa araw ng pahinga sa loob ng isang lingo at bayad sa mga legal holidays.

Art. 37

Ang mga manggagawang babae ay may karapatan sa parehong trabaho at parehong sahod ng sa mga manggagawang lalake. Ang mga kundisyon sa trabaho ay dapat na nagbibigay sa manggagawang babae ng panahon upang isakatuparan ang kanilang mahalagang gampanin sa pamilya at siguruhin ang natatanging proteksiyon sa ina at sa anak.

Itinatakda ng batas ang pinakamababang edad na karapat dapat sa sahurang trabaho.

Ipinagtatanggol ng Republika ang trabaho ng mga menor de edad sa pamamagitan ng mga espesyal na probisyon at tinitiyak sa kanila na sa parehong trabaho ay may karapatan sila sa parehong sahod.

Art. 38

Ang bawat mamamayan na walang kakayahang

magtrabaho at walang mapagkukunan ng ikabubuhay ay may karapatan sa tulong panlipunan at pagkukop.

Ang mga manggagawa ay may karapatan na mabigyan ng sapat na paraan para sa kanilang mga pangangailangan sa pagkakataon ng pagkaaksidente, pagkakasakit, kapansanan at pagtanda, at hindi kagustuhang mawalan ng trabaho.

Ang mga taong may kapansanan ay may mga karapatan sa edukasyon at bokasyonal na kasanayan.

Ang mga katungkulang ibinaba ng artikulong ito ay pinatotohanan at ginagawa ng mga grupo at institusyon na itinatag o tinutulongan ng Estado.

Ang mga pribadong tulong ay libre.

Art. 39

Ang pagbubuo ng pangkalakalang unyon (trade union) ay libre.

Walang obligasyong ipinapataw sa mga pangkalakalang unyon maliban sa rehistrasyon sa mga lokal at sentral na mga tanggapan, ayon sa itinatakda ng batas.

Ang isang kundisyon sa pagpaparehistro ay, ang mga batas ng pangkalakalang unyon ay dapat na umaayon sa demokratikong basehan sa internal na organisasyon.

Ang mga rehistradong pangkalakalang union ay mga legal na tao. Sa pamamagitan ng isang kinatawang pangkat na proporsyonal sa dami ng kanilang mga miyembro, sila ay maaaring pumasok sa isang kolektibong kasunduan sa paggawa na dapat ay may epekto sa lahat ng tao na nalalagay sa kategorya na binabanggit sa kasunduan.

Art. 40

Ang karapatan sa kilos pang-industriya ay

isinasagawa ayon sa batas na nangangasiwa nito.

Art. 41

Ang inisyatibong pribadong ekonomya ay libre.

Ito ay hindi maaaring isagawa kung sumasalungat sa kalusugan ng publiko o sa pamamaraan na maaaring makapinsala sa kaligtasan, kalayaan at dignidad ng tao.

Inaalang ng batas ang wastong mga pagpapalano at pangangasiwa upang ang mga publiko at pribadong mga gawaing pang-ekonomya ay nabibigyan ng tamang direksiyon at koordinasyon tungo sa mga panlipunang layunin.

Art. 42

Ang pag-aari ay maaaring pampubliko o pribado. Ang mga produkto ng ekonomya ay pag-aari ng Estado, ng mga pribadong kawanihan o mga pribadong tao.

Ang pribadong pag-aari ay kinikilala at ginagaransiyahan ng batas, na siyang naglalarawan ng mga kaparaanan kung paano ito natamo, napakinabangan at ang hangganan ng kaniyang kakayahan, upang masiguro ang kaniyang tungkuling panlipunan at gawin itong bukas sa lahat.

Ang mga pribadong pag-aari, sa mga kasong itinakda ng batas na may nakalaang kompensasyon, ay maaaring kuhanin ng Estado sa kadahilanan ng kalusugan ng publiko.

Itinatakda ng batas ang mga patakaran at limitasyon sa lehitimo at sa testimonyang pamana at ang karapatan ng Estado sa mga usapin na may kinalaman sa pagpapamana.

Art. 43

Upang matiyak ang pangkalahatang kapakinabangan, ang batas ay maaaring magtakda ng

reserbasyon mula sa simula o ilipat ang pagmamayari sa Estado, sa mga pampublikong kawanihan o sa mga manggagawa sa komunidad, o sa mga makikinabang, ang mga negosyo, o mga gawaing may kaugnayan sa pagbibigay ng mahahalagang serbisyo publiko o mga pinagmumulan ng enerhiya o may monopolyang kalagayan at may katangiang ang layunin ay para sa pangkalahatang interes, sa pamamagitan ng pag-angkin at pagbayad ng danyos,.

Art. 44

Sa hangaring masiguro ang wastong paggamit ng lupa at upang ang kaugnayang panlipunan ay mapatatag, ang batas ay nagpapataw ng mga obligasyon at mga balakid sa pribadong pagmamay-ari ng lupa; nagtatakda ng mga limitasyon sa pagpapalawig ng nasabi batay sa rehiyon

at sona, pinapasigla at iniuutos ang pagbungkal sa lupa, paglinang ng malalawak na mga lupain at reorganisasyon ng mga produktibong pangkat; at nagbibigay tulong para sa mga maliliit at kainamang-laki na mga ari-arian.

Ang batas ay naglalaan ng mga tuntunin na pabor sa mga bulubunduking lugar.

Art. 45

Kinikilala ng Republika ang gampaning panlipunan ng pagkakaisa na may pagkakatuwang at walang pansariling interes. Pinapaunlad at pinapasigla sila ng batas sa pamamagitan ng mga wastong pamamaraan at tinitiyak, sa pamamagitan ng tamang pagsubaybay, ang kanilang katangian at mga layunin.

Ang batas ay naglalaan ng mga pamamaraan upang mapangalagaan at maitaguyod ang mga

gawaing kamay o handicrafts.

Art. 46

Alinsunod sa layuning maiangat ang ekonomya at mapabuti ang paggawa na tumutugon sa mga pangangailangan ng produksiyon, kinikilala ng Republika ang mga karapatan ng mga manggagawa sa pakikipagtulungan, sa paraan at sa loob ng mga limitasyong itinatag ng batas, sa pamamahala ng mga negosyo.

Art. 47

Pinapasigla at iniingatan ng Republika ang mga naimpok sa kahit anong anyo; dinidisciplina, iniaakma at sinusubaybayan ang gawaing pagpapautang. Itinataguyod nito ang posibilidad para sa mga inimpok tungo sa pagkakaroon ng sariling bahay, sa pagmamay-ari ng mga sadya nang nalinang na mga ari-arian at

pamumuhunan sa pakikipagsosyo sa mga malalaking kompanya sa bansa.

Titolo IV

Mga karapatan sa pulitika

Art. 48

Lahat ng mga mamamayan, lalake o babae na nasa hustong gulang ay maaaring bumoto.

Ang boto ay personal at pantay, malaya at lihim. Ang pagtupad sa mga ito ay isang tungkulin bilang mamamayan.

Isang batas ng Parliyamanto ang magtatakda ng mga kundisyon at paraan upang ang mga Italianong naninirahan sa ibang bansa ay maaaring bumoto sa mga eleksiyon sa bansang Italia, at tinitiyak na epektibo ang pagpapatupad nito. Para sa layuning ito, isang 'Foreign Constituency' ang bubuuin kung saan ang mga miyembro nito ay mula sa

mga ibobotong miyembro ng parehong Kapulungan ng Parliamento. Ang bilang ng mga pwesto para sa mga posisyong ito ay itatakda ng Konstitusyon at kinakailangang sumasang-ayon sa ginawang batas ng Parliamento.

Ang karapatang bumoto ay hindi maaaring pigilin maliban lamang sa kadahilanan ng kawalan ng kakayahang

pangmamamayan, o bilang resulta ng hindi na mapapawalang saysay na sentensiyang kaparusahan o sa mga kasong kawalan ng karapatang pangmoral na ayon sa itinakda ng batas.

Art. 49

Ang lahat ng mamamayan ay may karapatan na malayang sumama o sumapi sa iba't ibang klase ng partido para makaambag sa mga demokratikong pamamaraan sa pagtukoy ng mga pambansang patakaran.

Art. 50

Ang lahat ng mamamayan ay maaaring magharap ng mga petisyon sa parehong Kapulungan para humiling ng mga naisabatas na kaparaanan o magpahayag ng kolektibong pangangailangan.

Art. 51

Lahat ng mamamayan, anuman ang kasarian ay maaaring mahirang o mahalal sa isang pampublikong posisyon na may pantay na panahon ng panunungkulan, ayon sa itinatakdaang kondisyon ng batas.

Maaaring payagan ng batas ang mga Italianong hindi residente ng Republika na magkaroon ng pantay na karapatan bilang mga mamamayan na makapasok sa mga pampublikong tanggapan o nahalal na posisyon.

Sinuman ang mahirang na gumanap sa isang

nahalal na pampublikong posisyon ay may karapatan na magkaroon ng sapat na panahon para gawin ang kanyang tungkulin at pangalagaan ang kanyang lugar na pinagtatrabahuan.

Art. 52

Ang pagtatanggol sa Amangbayan ay isang sagradong tungkulin ng bawat mamamayan.

Ang serbisyong militar ay sapilitan na nakaayon sa limitasyon at paraang itinakda ng batas. Ang pagganap nito ay hindi dapat makakaapekto sa trabaho ng mamamayan o sa pagganap ng kanyang pampulitikang karapatan.

Ang mga regulasyon ng sandatahang lakas ay nakabatay sa demokratikong ispirito ng Republika.

Art. 53

Ang lahat ay kinakailangang magbahagi sa mga pampublikong gastusin, na dapat ay

umaayon sa kanyang kakayahan.

Ang sistema ng pagbubuwis ay nakabatay sa kriteriya ng progresyon.

Art. 54

Ang lahat ng mamamayan ay may tungkulin na maging tapat sa Republika at itaguyod ang Konstitusyon at mga batas.

Ang mga mamamayan kung kanino ipinagkatiwala ang mga pampublikong gawain ay may tungkuling tuparin ang mga ito nang may disiplina at dangal at nanunumpa sa mga pangyayaring itinatakda ng batas.

**PANGALAWANG
PARTE
ORGANISASYON NG
REPUBLIKA**

***Titolo I
Parlyamento***

***Seksyon I
Ang mga kapulungan***

Art. 55

Ang Parlyamento ay kinabibilangan ng Kapulungan ng mga Diputado at ng Senado ng Republika.

Ang Parlyamento ay nagtitipon sa isang magkaanib na pulong ng mga miyembro ng parehong Kapulungan sa mga pagkakataon lamang na itinakda ng Konstitusyon.

Art. 56

Ang paghalal sa Kapulungan ng mga Diputado ay isinasagawa sa pamamagitan ng unibersal

at direktang karapatan sa pagboto.

Ang bilang ng mga Diputado ay anim na raan at tatlumpu.

Ang lahat ng mga botante na sumapit na sa 25 taong gulang sa araw ng halalan ay maaari nang maging mga diputado.

Ang pagkakalat ng mga posisyon sa pagitan ng mga distrito ay nakukuha sa pamamagitan ng pagbabahagi ng bilang ng mga nakatira sa Republika, na makikita sa pinakabagong pambansang sensus ng populasyon, sa anim na daan at tatlumpu at ng pagkakalat ng mga posisyon ayon sa populasyon ng bawat distrito, na ibinabatay sa kabuuang bahagi at ang pinakamataas na matitira.

Art. 57

Ang halalan ng Senado ng Republika ay isinasagawa sa bawat rehiyon.

Ang bilang ng mga Senador na ihahalal ay tatlong daan at labinlima.

Walang rehiyon ang magkakaroon ng mas mababa sa pitong Senador; ang Molise ay magkakaroon ng dalawa at ang Valle d' Aosta ay isa.

Ang pagbabahagi ng mga posisyon sa pagitan ng mga rehiyon, ayon sa nauna nang Artikulo, ay gagawin sang-ayon sa proporsyon ng populasyon ng mga rehiyon ayon sa pinakabagong sensus at nakabatay sa kabuuang bahagi at ang pinakamataas namatitira.

Art. 58

Ang mga Senador ay ihahalal ng mga botanteng nakatapos na ng ika-25 taong gulang, sa pamamagitan ng unibersal at direktang karapatan sa halalan.

Ang mga botanteng nakumpleto na ang kanilang ika-apatnapung taon ay maaaring mahirang na Senador.

Art. 59

Ang sinumang naging Presidente ng Republika ay tinuturing na isang senador sa pamamagitan ng karapatan at sa kaniyang buong buhay maliban na lamang kung kaniyang tatanggihan ang nasabing nominasyon.

Ang Presidente ng Republika ay maaaring humirang ng limang mamamayan na maging senador panghabang buhay kung sila ay nagbigay dangal sa Amangbayan sa pamamagitan ng kanilang mahusay at pambihirang mga nagawa sa lipunan at sa larangan ng agham, sining at literatura.

Art. 60

Ang Kapulungan ng mga Diputado at ang Senado Republika ay mauupo sa posisyon ng limang taon.

Ang panahon ng panunungkulan ng bawat Kapulungan ay hindi kailanman mapapahaba

maliban lamang kung namagitan ang batas at sa panahon ng digmaan.

Art. 61

Ang halalan ng mga bagong Kapulungan ay gagawin sa loob ng pitumpung araw ng pagtatapos ng termino ng mga lumang Kapulungan. Ang unang pagpupulong ay isasagawa nang hindi lalampas sa dalawampung araw matapos ang eleksyon. Hanggang hindi pa dumarating ang unang pagpupulong ng bagong Kapulungan ay mananatili sa kapangyarihan ang lumang Kapulungan.

Art. 62

Ang mga Kapulungan ay magtitipon sa pamamagitan ng karapatan sa unang araw ng trabaho ng Pebrero at Oktubre. Ang bawat Kapulungan ay maaaring ipatawag sa isang extraordinaryong sesyon sa

pagkukusa ng Presidente nito o ng Presidente ng Republika o ng isang-katlo ng mga miyembro nito.

Kung ang isang Kapulungan ay magtitipon sa isang extraordinaryong sesyon, Karapatan din ng kabilang Kapulungan ang magtipon.

Art. 63

Ang bawat Kapulungan ay maghahalal ng sarili nitong pangulo at itatatag nito ang Tanggapan ng Pangulo. Kapag ang Parlyamento ay magsagawa ng isang magkasanib na pulong, ang Presidente at mga namamahalang opisyaes nito ay dapat na magmumula sa Kapulungan ng mga Diputado.

Art. 64

Ang bawat Kapulungan ay magpapatibay ng sarili nitong mga kalakaran sa pamamagitan ng ganap na mayorya ng mga miyembro nito. Ang mga sesyon ay

pampubliko; ngunit ang bawat isa sa mga Kapulungan at ang Parlyamento, o sa isang magkasanib na pagpupulong ng dalawang Kapulungan, ay maaaring magdesisyon na magsagawa ng isang sekretong sesyon.

Ang mga desisyon ng bawat Kapulungan at ng Parlyamento ay walang bisa kung ang mayorya ng mga myembro nito ay wala at kung ang mga ito ay hindi ipinasa ng mayorya ng mga myembrong naroon sa sesyon maliban na lamang kung inaatas ng Konstitusyon ang isang espesyal na mayorya.

Ang mga miyembro ng gobyerno, kahit na hindi sila kabilang sa parehong Kapulungan ay may karapatan, at kung sila ay inatasan ng obligasyon na dumalo sa mga sesyon. Maaaari silang pakinggan sa tuwing hilingin nila.

Art. 65

Ang batas ang siyang nagtatakda ng mga kaso para sa pagiging hindi karapat dapat at hindi angkop sa opisina ng isang diputado o senador.

Walang maaaring maging myembro ng parehong Kapulungan sa iisang panahon.

Art. 66

Ang bawat Kapulungan ay magdedesisyon ng mga katangian para sa pagtanggap ng mga myembro nito at ang mga kaso para sa pagiging hindi karapat dapat at hindi angkop.

Art. 67

Ang bawat miyembro ng Parlyamento ay kumakatawan sa Bayan at dala nito ang mga tungkulin nang walang pagkukulang sa mga kautusan nito.

Art. 68

Ang mga miyembro ng Parlyamento ay maaaring hindi obligahin na magbigay ng paliwanag sa anumang opinyong ipinahayag o botong ginawa sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin. Walang miyembro ng Parlyamento ang maaaring sumailalim sa personal na paghalughog o sa paggalugad ng kanyang tahanan nang walang pahintulot mula sa Kapulungang kanilang kinabibilangan. Hindi rin sila maaaring arestuhin o tanggalan ng kanilang personal na kalayaan, o makulong, maliban lamang kung ito ay sa pagpapatupad ng huling sentensya o kung nahuling gumagawa ng krimen, kung saan ang pag-aresto ay kinakailangan. Kinakailangan din ang parehong pahintulot bago ang mga komunikasyon at pag-uusap ng mga miyembro ay

mapakialaman o ang kanilang mga sulat ay maharang.

Art. 69

Ang mga miyembro ng Parlyamento ay makakatanggap ng kompensasyong itinakda ng batas..

Seksyon II

Ang pagbalangkas ng mga batas

Art. 70

Ang tungkulin sa pagsasabatas ay kolektibong isinasagawa ng parehong Kapulungan.

Art. 71

Ang pagsasabatas ay pinapangunahan ng gobyerno, ng bawat miyembro ng mga Kapulungan, at ng mga organo at pangkat na binigyang kapangyarihan ng Konstitusyon. Ang mamamayan ay maaaring magkusa sa pagsasabatas sa

pamamagitan ng isang pormal na kahilingan ng isang panukalang batas na binubuo ng mga artikulo, na kailangang ihain ng humigit kumulang sa limampung libong botante.

Art. 72

Ang bawat binalangkas na batas na isusumite sa isa sa mga Kapulungan ay, ayon sa mga alituntunin, kinikilatis ng isang komite at pagkatapos ay nang mismong Kapulungan na siyang nagpapatibay nito, artikulo sa artikulo at sa pamamagitan ng boto.

Ang mga alituntunin ay nagtatakda ng pinaikling pamamaraan para sa pagbalangkas ng batas na idineklarang kinakailangan sa pinakamadaling panahon.

Maaari rin nilang itakda, sa anong kaso at sa anong paraan ng pagkilatis at pag-apruba ng mga panukalang batas ay ipinagpaliban sa mga komite, kabilang ang

mga nakatayong komite, na binubuo upang maipakita ang proporsiyon ng mga grupong Parlyamento. Maging sa mga ganitong kaso, hanggang sa takdang panahon na aprubahan ito, ang panukalang batas ay maaaring isumite sa Kapulungan kung ang gobyerno o isang-ikasampu ng miyembro ng Kapulungan o isang-ikalima ng komite ay humiling na ito ay pagdebatehan at pagbotohan o na ito ay maaprubahan sa pamamagitan ng botohan lamang. Ang mga alituntunin ang siyang magtatakda ng mga paraan kung papaano mapapaabot sa publiko ang pagpapalakad ng mga komite.

Ang regular na pamamaraan ng pagkilatis at tuwirang pagsang-ayon ng Kapulungan ay kailangang palaging sinusunod para sa mga panukalang batas na

tumutukoy sa mga bagay na pangkonstitusyonal at panghalalan at para dun sa mga delegadong batasang-bayan, pagkakaloob ng kapangyarihan at pagpapatibay sa mga tratado, pag-abruba ng mga pondo at paliwanag sa mga gastusin.

Art. 73

Ipinapahayag ng Pangulo ng Republika ang mga batas isang buwan matapos itong maaprubahan.

Kung ang bawat Kapulungan, sa pamamagitan ng ganap na mayorya ng mga myembro nito, ay nagdeklarang ng pangangailangan sa pinakamadaling panahon, ang isang panukalang batas ay ipinoproklama sa panahong itinatakda mismo ng nasabing panukalang batas.

Ang mga batas ay kagyat na ilalathala matapos itong isabatas at magkakaroon ng bisa labinlimang araw

matapos ang paglalathala nito maliban na lang kung nagtatakda ang mismong batas ng ibang araw o panahon.

Art. 74

Ang Presidente ng Republika bago niya ipahayag ang isang batas, ay maaari niyang hilingin sa mga Kapulungan, sa pamamagitan ng mensaheng nagpapaliwanag ng mga motibo para sa panibagong pagdedebate.

Kung muling ipasa ng Kapulungan ang panukalang batas, kailangan na itong maipahayag.

Art. 75

Kailangan ang isang tanyag na reperendum para mapawalang-bisa, ng buo o ilang bahagi, ang isang batas o isang gawa na mayroong kapangyarihan ng batas kung ito ay hihilingin ng limandaang libong mga botante o

limang pangrehiyong sanggunian.

Hindi pinapayagan ang isang reperendum kung ito ay para sa buwis, badyet, amnestiya at mga batas na nagkakaloob ng pardon at sa pagpapatibay ng mga tratadong pang internasyunal.

Ang lahat ng mga mamamayan na maaaring bumoto para sa Kapulungan ng mga Diputado ay maaari ring lumahok sa mga reperendum.

Ang isang kahilingan na isinailalim sa reperendum ay pagtitibayin kung naabot ang bilang ng mayorya na mayroong karapatang bumoto at ang mayorya ng mga botong natanggap.

Ang batas ang nagtatakda ng mga pamamaraan para sa pagsasagawa ng reperendum.

Art. 76

Ang pagsasagawa ng tungkulin sa pagsasabatas ay hindi maaaring idelegado sa gobyerno kung

hindi pa natutukoy ang mga prinsipyo at kriteriyang pumapatnubay, at ito ay may limitadong panahon at sa natatanging layunin o tunguhin lamang.

Art. 77

Hindi dapat maglabas ang gobyerno ng mga kautusan na mayroong bisa ng ordinaryong batas kung walang delegasyon mula sa mga kapulungan

Sa mga pambihirang pagkakataon ng kagyat na pangangailangan na kailangan ng gobyernong magpatibay ng mga pansamantalang

pamamaraan na may bisa ng batas, kinakailangang sa mismong araw ding iyon ay iharap ng ito ng gobyerno para maging isang ganap na batas sa mga Kapulungan na, kahit ito ay wala nang pagpupulong ay

kinakailangang magsama-sama muli sa loob ng limang araw

Mawawalan ng bisa ang mga kautusan simula sa

umpisa kung ito ay hindi ginawang ganap na batas sa loob ng animnapung araw matapos itong malathala. Maaaring ayusin ng Kapulungan, sa pamamagitan ng batas, ang mga isyung legal na maaaring sumulpot mula sa mga atas na hindi pinagtibay na isang ganap na batas.

Art. 78

Ang Kapulungan ang siyang magdedeklara kung ang bansa ay nasa kalagayan ng digmaan at pinagkakalooban nito ang Parlyament ng mga kinakailangang kapangyarihan.

Art. 79

Ang mga amnestiya ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng isang kilos parlyamento na nangangailangan ng dalawang-ikatlong mayorya ng mga miyembro ng bawat Kapulungan na

pagbobotohan ang bawat artikulo at ang batas sa kabuuan.

Tutukuyin rin ng kilos paryamento na nagkakaloob ng amnestiya ang mga deadlayn para sa aplikasyon.

Sa bawat pagkakataon, ang mga amnestiya ay hindi maaaring ipagkaloob sa mga krimeng kinasangkutan matapos ang petsa kung saan ang panukalang batas ay pinag-usapan sa Kapulungan.

Art. 80

Pinapayagan ng mga Kapulungan, sa pamamagitan ng batas, ang pagpapatibay ng mga pandaigdigang tratado na may katangiang pulitikal o kaya ay magpatawag ng arbitrasyon o legal na pagkakasunduan na nagtatakda ng mga pagbabago sa pambansang teritoryo, mga suliraning pinansiyal o pagbabago sa mga batas.

Art. 81

Inaaprubahan ng Kapulungan ang mga badyet at gastusin bawat taon..

Ang pansamantalang gamit ng badyet ay hindi maaaring pahintulutan maliban kung pinapahintulutan ng batas at kung ito ay tatagal lamang sa panahong hindi lalagpas nang apat na buwan.

Dahil sa batas na nag-aapruba sa badyet, hindi posibleng magpanukala ng mga bagong buwis o nang mga bagong gastusin.

Anumang karagdangang batas na may kinalaman sa bago at pagpapataas ng gastusin ng gobyerno ay kinakailangang magtukoy ng mga paraan kung papaano ito matugunan.

Art. 82

Ang bawat Kapulungan ay maaaring magpatawag ng imbestigasyon sa mga paksang may pampublikong interes.

Para sa nasabing layunin, maghihirang ng mga miyembro para sa isang komite. Ang komiteng mag-iimbestiga ay may parehong kapangyarihan at limitasyon nang katulad sa mga imbestigasyon ng hukuman.

Title II

Ang pangulo ng republika

Art. 83

Ang Pangulo ng Republika ay inihalal ng parlyamento sa isang magkasanib na sesyon ng mga myembro nito.

Ang bawat Konsehong Pangrehiyon ay maghahalal ng tatlo upang kanilang maging kinatawan. Ang Valle d'Aosta ay may isang delegado lamang.

Iihalal ang Pangulo ng Republika sa pamamagitan ng sekretong boto ng dalawang-katlo (2/3) na mayorya ng assemblya. Pagkatapos ng ikatlong

balota, sapat na ang ganap na nakararami.

Art. 84

Sinumang mamamayan na may limampung taong gulang at tinatamasa ang karapatang sibil at pulitikal ay maaaring mahalal na Pangulo ng Republika.

Ang Tanggapan ng Pangulo ng Republika ay hindi ayon sa kahit anumang ibang posisyon o tanggapan.

Ang kompensasyon o iba pang matatanggap ng pangulo ay itinatakda ng batas.

Art. 85

Mauupo sa puwesto ang Pangulo ng Republika ng pitong taon.

Tatlumpong araw bago matapos ang kanyang termino, ang pangulo ng Kapulungan ng mga Diputado ay magpapatawag ng isang magkasanib na sesyon ng parlyamento at ng mga kinatawan ng rehiyon para maghalal ng

bagong pangulo ng Republika.

Kung mabuwag man ang kapulungan o mayroon na lamang kulang sa tatlong buwan bago ito mabuwag, ang halalan ay magaganap labinlimang araw matapos ang pulong ng bagong kapulungan.

Art. 86

Sa mga panahong hindi kayang tugunan ng Pangulo ng Republika ang kanyang mga tungkulin, ito ay tutugunan ng Pangulo ng Senado.

Sa pagkakataon ng permanenteng balakid o pagkamatay o pagbibitiw ng Pangulo ng Republika, magpapatawag ng halalan ang pangulo ng Kapulungan ng mga Diputado sa loob ng labinlimang araw.

Art. 87

Ang Pangulo ng Republika ang pinuno ng Estado at kinakatawan nito

ang pambansang pagkakaisa.

Maaari siyang magpadala ng mga mensahe sa Kapulungan.

Siya ang nagpapatawag ng eleksyon ng mga bagong kapulungan at siya ang nag-aayos ng una nitong pagpupulong.

Pinapayagan nito ang pagpapahayag sa mga kapulungan ng mga panukalang batas na pinangungunahan ng gobyerno.

Nagpapatibay siya ng batas at naglalabas siya ng mga atas na may bisa ng batas at regulasyon.

Nagpapatawag siya ng mga reperendum sa mga pagkakataong itinatakda ng Konstitusyon.

Sa mga pagkakataong itinatakda ng batas, naghihirang siya ng mga opisyaes ng Estado.

Binibigyan niya ng kapangyarihan at tinatanggang ang mga diplomatikong representasyon,

nagpapatibay ng mga pandaigdigang kasunduan kung kinakailangan.

Siya ang kumander ng sandatahang lakas, ang namumuno sa Pinakamataas na Sanggunian ng Tanggulan na itinatag ng batas, ang nagdedeklara ng giyera na napagdedesisyunan ng mga Kapulungan.

Siya ang namumuno sa Mataas na Sanggunian ng Hukuman.

Maari siyang magpawalang-sala at magbawas ng kaparusahan. Siya ang nagkakaloob ng dangal sa Republika.

Art. 88

Maaaring lusawin ng Pangulo ng Republika ang isa o parehong Kapulungan matapos itong komunsulta sa dalawang tagapagsalita.

Hindi maaaring gamitin ang kapangyarihang ito sa huling anim na buwan ng termino ng Pangulo maliban kung ito ay tataon

sa huling anim na buwan ng batasan.

Art. 89

Walang gawa ang Pangulo ang may bisa kung hindi ito pirmado ng mga nagpanukalang ministro na silang umaako ng responsibilidad sa mga ito.

Ang mga akto nitong may lehislatibong kahalagahan at yung mga ibang inilalatag ng batas ay kinakailangan ring lagdaan ng Pangulo ng Sanggunian ng mga Ministro.

Art. 90

Ang Pangulo ng Republika ay hindi responsable para sa mga aktong ginawa alinsunod sa kanyang tungkulin maliban na laman kung ito ay matinding pagtataksil o mga pagbabanta laban sa Konstitusyon.

Sa mga nasabing pagkakataon, siya ay patatalsikin ng Parlyamento sa pamamagitan ng impeachment sa isang

magkasanib na sesyon nito at sa pamamagitan ng nakakarami ng mga myembro nito.

Art. 91

Bago gumanap ng mga tunngkulin, ang Pangulo ng Republika ay kinakailangang sumumpa ng katapatan sa Republika at Konstitusyon sa harap ng magkasanib na Parlyamento.

Titolo III

Ang gobyerno

Seksyon I

Ang sanggunian ng mga ministro

Art. 92

Ang gobyerno ng Republika ay kinabibilangang ng Punong Ministro at ang grupo ng mga ministro na tinatawag na Sanggunian ng mga Ministro.

Hinihirang ng Pangulo ng Republika ang Pinunong Ministro at maging ang mga Ministro, kung nanaisin niya.

Art. 93

Ang Pangulo ng Sanggunian ng mga Ministro at ang mga Ministro ay pasusumpain ng Pangulo ng Republika bago makapanungkulan.

Art. 94

Kinakailangan ng gobyerno ang kumpanyansa at tiwala ng parehong kapulungan.

Maaaring ibigay o iurong ng bawat kapulungan ang kumpanyansa at tiwala nito sa gobyerno sa pamamagitan ng isang mosyon na naglalahad ng mga rason nito at pinagbotohan sa pamamagitan ng pagtawag talaan.

Sa loob ng sampung araw ng pagkakabuo nito, ang gobyerno ay haharap sa

kapulungan para kunin ang kumpanyansa at tiwala nito.

Ang salungat na boto ng isa o parehong Kapulungan laban sa isang panukala ng gobyeryo ay hindi nagpapahiwatig ng obligasyong magbitiw.

Ang isang mosyon ng kawalang tiwala ay kinakailangang pirmahan ng isang- ikasampu ng kasapian ng kapulungan at hindi maaaring pagdebatehan nang mas maaga pa sa tatlong araw pagkatapos ng pagpapahayag dito.

Art. 95

Ang Punong Ministro ang siyang nangunguna at responsible sa pangkalahatang patakaran ng gobyerno. Tinitiyak niya ang pagkakaisa sa pampulitika at administratibong patakaran at nagtataguyod at nagkokoordina sa mga gawain ng mga Ministro.

Kolektibong responsable ang mga Ministro para sa

mga akto o gawain ng Sanggunian ng mga Ministro habang responsable sila bilang individwal sa mga gawa o akto ng kanilang mga sariling Ministeryo.

Ang batas ang nagtatakda ng mga patakaran ng Pagkapangulo sa Sanggunian at itinatakda nito ang bilang, kakayanan at organisasyon ng mga ministro.

Art. 96

Kahit magbitiw sa pwesto ang Punong Ministro at ang mga Ministro, maaari pa rin silang panagutin sa mga krimeng ginawa na may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin, sa hustisya hangga't may autorisasyon na ibinigay ang Senado ng Republika o ang Kapulungan ng mga Diputado ayos sa mga alituntuning itinakda ng batas ng Konstitusyon.

Seksyon II Administrasyong pampubliko

Art. 97

Ang pampublikong tanggapan ay binuo ayon sa probisyon ng batas para matiyak na ang mga Tanggapan Pampubliko ay mabubuo ayon sa itinatakda ng batas, para sa isang tiyak na mahusay at patas na administrasyon.

Ang mga patakaran ng mga opisina ay naglalatag ng mga larangan ng kakayanan, tungkulin at responsibilidad ng kanilang mga opisyaes.

Ang pagpasok na kawani sa pampublikong administrasyon ay kailangang sumailalim sa kumpetitibong pagsusulit, maliban sa mga pagkakataong itinakda ng batas.

Art. 98

Ang mga tagapaglingkod ng bayan ay

nagsisilbi tanging sa Bansa lamang.

Kung sila ay mga miyembro ng Parlyamento, hindi sila maaaring umangat sa posisyon maliban lamang sa pamamagitan ng haba ng panahon ng paglilingkod.

Maaaring magtakda ang batas ng mga limitasyon sa karapatang maging miyembro ng mga partido pulitikal kung ito ay sa kaso ng mga hukom, militar na nasa atktibong serbisyo, ang mga nasa posisyon at ahente ng pulis at mga diplomatikong kinatawan at konsulado sa ibang bansa.

Seksyon III

Mga lupong kaagapay

Art. 99

Ang Pambansang Sanggunian sa Kabuhayan at Trabaho, ayon sa batas, ay kinabibilangan ng mga bihasa at kinatawan mula sa pook ng produksyon, na nasusukat sa bilang at

katangian ang kanilang kahalagahan.

Magsisilbi itong isang Sangguniang Lupon para sa mga Kapulungan at sa gobyerno sa mga nasabing usapin at sa mga tungkuling itinakda mismo ng batas.

Maari itong magpasimuno ng pagsasabatas at makapagbahagi sa pagbubuo ng pang-ekonomya at panlipunang batasan ayon sa mga prinsipyo at limitasyong nakasaad sa batas.

Art. 100

Ang Sanggunian ng Estado ay isang lupon ng sanggunian sa administratibo— legal at nagtitiyak na ang mga administrasyong pampubliko ay umaayon sa batas.

Ang “*Court of Accounts*” ay nagpapatupad ng mga kontrol panadlang sa pagiging lehitimo ng mga hakbangin ng gobyerno at

maging ang mga kasunod na pagsubaybay sa pagpapatakbo ng badyet ng Estado. Lumalahok ito, sa mga pagkakataon at paraang itinakda ng batas, sa pagsusuri ng pamamahala ng pondo ng mga lupon na kung saan nagbabahagi ang Estado sa ordinaryong paraan. Tuwiran itong nag-uulat sa mga kapulungan ng mga resulta ng mga pagsusuri na naisagawa.

Tinitiyak ng batas ang kalayaan mula sa impluwensya ng gobyerno ang dalawang lupong nabanggit.

Titolo IV **And Hudikatura**

Seksyon I *Organisasyon ng* *Hudikatura*

Art. 101

Ipinapatupad ang hustisya sa ngalan ng mamamayan.

Ang mga hukom ay nasa ilalim lamang ng batas.

Art. 102

Ang mga paglilitis sa hukuman ay isinasagawa ng mga ordinaryong hukom na binigyang kapangyarihan at pinapamahalaan ng mga alituntuning makabatas.

Ang mga natatangi at espesyal na mga hukom ay hindi maaaring itatag. Ang maaari lamang itatag ay ang mga espesyal na seksyon para sa mga partikular na usapin lamang na nasa ilalim ng mga ordinaryong kinatawan ng hukom kasama na rito ang partisipasyon ng mga naaangkop na mga mamamayan na hindi miyembro ng hudikatura. Pinapamahalaan ng batas ang mga kaso at porma ng tuwirang pagsali ng taumbayan sa administrasyon ng hustisya.

Art. 103

Ang Sanggunian ng Estado at iba pang organo ng administrasyong hudisyal ay may kapangyarihan para sa pangangalaga ng mga lehitimong karapatan at maging ng karapatan magmungkahi, ayon sa nakasaad sa batas.

Ang *Court of Accounts* ay may kapangyarihan sa mga usapin ng *public accounts* at iba pang usaping nakasaad sa batas.

Ang mga hukumang militar sa panahon ng digmaan ay may kapangyarihan sang-ayon sa batas. Sa panahon ng kapayapaan, mayroon lamang itong kapangyarihan sa mga krimeng militar na ginawa ng mga miyembro ng sandatahang lakas.

Art. 104

Ang hudikatura ay isang kaayusang hiwalay at malaya sa iba pang mga kapangyarihan.

Ang Mataas na Sanggunian ng Hukuman ay pinapangunahan ng Pangulo ng Republika.

Ang mga tinaguriang 'miyembro sa pamamagitan ng karapatan' ay ang unang pangulo at ang Pangkalahatang Hukom ng Korte ng Pagpapawalang-Bisa.

Dalawang-ikatlo (2/3) ng iba pang mga miyembro ay halal ng ordinaryong hukom na kabilang sa iba't ibang kategorya at ang isa pang isang-ikatlo (1/3) ng Parlyamento sa isang magkasanib na sesyon kasama ang mga ganap na propesor ng batas sa pamantasan at mga abogado pagkatapos ng kanilang ika-labinlimang taong praktis ng abogasya.

Inihahalal ng Sanggunian ang ikalawang- Pangulo mula sa mga miyembrong tinukoy ng Parlyamento.

Ang mga nahalal na miyembro ng Sanggunian ay mananatili sa kanilang pwesto ng apat na taon at

hindi kagyat na maaaring mahirang muli.

Habang nasa katungkulan, hindi sila maaaring magrehistro sa anumang propesyon o magsilbi sa parlyamento o sa pangrehiyong sanggunian.

Art. 105

Ang Mataas na Sanggunian ng Hukuman, ayon sa mga regulasyon ng hudikatura, ay may kapangyarihan sa page-empleyo, pagtatalaga, paglilipat, promosyon at sukatang pandisiplina ng mga hukom.

Art. 106

Ang mga hukom ay itinatalaga sa pamamagitan ng kumpetitibong pagsusulit. Pinapayagan ng batas sa regulasyon ng hudikatura ang pagtatalaga, at maging ang paghahalal sa mga marangal na hukom sa anumang tungkuling ginagawa rin ng isang hukom.

Alinsunod sa panukala ng Mataas na Sanggunian ng Hukuman, posible sa kanilang tanyag na kagalingan na ihirang bilang kinatawan ng pagpapawalang bisa ang mga ganap na propesor ng batas sa pamantasan at mga abogadong may labinlimang taon na sa praktis ng kanilang propesyon at rehistrado sa espesyal na listahan ng mga propesyunal para sa mataas na korte.

Art. 107

Hindi maaaring tanggalin sa pwesto ang mga hukom. Hindi rin sila pwedeng mapaalis sa kanilang pwesto o malipat sa ibang korte o trabaho maliban kung ito ay alinsunod sa desisyon ng Mataas na Sanggunian ng Hukuman.

Ang Ministro ng Katarungan ay may kapangyarihan na

magsimula ng isang aksyong pandisiplina.

Ang mga hukom ay makikilala lamang sa kanilang iba't ibang tungkulin.

Tinatamasa ng tagalitis ng Estado ang garantiyang ipinagkaloob na pabor sa kanya ng mga alituntunin ng hudikatura.

Art. 108

Ang mga patakarang namamahala sa hudikatura at mga hukom ay itinatakda ng batas.

Tinitiyak ng batas ang kalayaan ng mga hukom ng ispesyal na korte, ng mga tagalitis ng estado at iba pang mga taong gumanap ng papel sa pamamahala ng hustisya.

Art. 109

Ang mga legal na may kapangyarihan ay may direktang gamit sa pulis ng husgado.

Art. 110

Nang walang pinsala sa kapangyarihan ng Mataas na Sanggunian ng Hukuman, ang Ministro ng Katarungan ang may responsibilidad sa organisasyon at takbo ng mga serbisyong may kinalaman sa hustisya.

Seksyon II

Mga patakarang sa kapangyarihang saklaw

Art. 111

Ang batas ay pamamahalaan sa pamamagitan ng isang pantay na paglilitis na pinapangunahan at pinapamahalaan Kilos ng Parlyamento.

Ang lahat ng partidong sangkot sa paglilitis ay maaaring magsalita ng kanilang depensa, nang may pantay na istatus sa ng iba pang mga partidong sangkot, sa harap ng isang korteng malaya at walang

pinapanigan. Ang Kilos ng Parlyamento ang siyang maglalatatag ng mga probisyon para tiyakin na ang mga paglilitis ay tatagal ng sapat na panahon.

Sa prosesong kriminal, ang lahat ng indibidwal na sinampaan ng kasong kriminal ay may legal na karapatan na maabisuhan ng lihim at masabihan nang kagyat ng dahilan at katangian ng mga akusasyon laban sa kanila; bibigyan sila ng karampatang panahon at kundisyon para paghandaan ang kanilang depensa; mayroon silang karapatan ayon sa batas na kilalanin at ipakilatis ang mga tetestigo laban sa kanila at makita ang lahat ng ebidensya laban sa kanila; sila ay tutulongan ng isang taga-saling wika kung hindi nila maintindihan o mabigkas ang wikang gagamitin sa paglilitis.

Ang prosesong kriminal ay ginagabayan ng prinsipyong lahat ng

partido sa kaso ay maaaring ilahad ang kanilang depensa sa harap ng iba pang partido sa kaso bago ang pangangalap ng ebidensya.

Ang pagkakasala ay hindi maaaring patunayan ng ayon lamang sa mga pahayag nang sinumang malayang tumanggi na pumaloob sa pagtatanong ng nasasangkot o ng kanyang abogado o counsel *ad litem*.

Isang Kilos ng Parlyamento ang mamahala sa mga kaso na ang ebidensya ay hindi kukunin sa harap ng parehong partidong nasasangkot sa kaso, nang may pahintulot sa nasasakdal o di kaya kung sadyang napatunayan na ito ay imposible o resulta ng isang gawang labag sa batas.

Lahat ng desisyong hudisyal ay kinakailangang may motibo.

Ang mga apila sa Korte ng Pagpapawalang Bisa sa mga kaso ng paglabag sa

batas ay laging pinapahintulutan laban sa sentensya at laban sa anumang hakbangin laban sa personal na kalayaang pinagdesisyunan ng mga ordinaryo at ispesyal na korte. Ang kalakarang ito ay maaaring talikdan sa mga kasong sinentensyahan ng hukumang militar sa panahon ng digmaan.

Ang mga apila sa pagpapawalang bisa laban sa mga desisyon ng Sanggunian ng Estado at *Court of Accounts* ay pinapahintulutan lamang kung ang motibo ay nagmumula sa mga pagkakamaling hudisyal.

Art. 112

Ang pampublikong tagalitis ay may tungkuling magpatakbo ng mga kriminal na paglilitis.

Art. 113

Sa mga gawaing labag sa administrasyong pampubliko, ang proteksyon ng mga

karapatan at ng lehitimong interes ay maaaring pahintulutan sa harap ng mga hukuman.

Ang nabanggit na proteksyon ay hindi maaaring tanggalin o limitahan sa mga natatanging apila lamang o sa mga partikular na kategorya o kilos lamang.

Ang batas ang nagtatakda kung anong kinatawan ng hukuman ang may kapangyarihang ipawalang-bisa ang mga kilos ng administrasyong pampubliko sa mga pagkakataon at kahihitnatnang tinutukoy ng batas.

Titulo V

Rehiyon, Probinsya at Munisipalidad

Art. 114

Ang Republika ay binubuo ng mga munisipalidad, probinsya, syudad metropolitan, mga rehiyon at nagsasariling entidad na may sariling

mga batas, kapangyarihan at tungkulin ayon sa mga prinsipyong inilalatag ng Konstitusyon.

Ang Rome ang kabisera ng Republika. Ang katayuan nito ay isinasaayos ng Batas Estado.

Art.115

(Tinanggal)

Art. 116

Ang Friuli- Venezia Giulia, Sardinia, Sicily, Trentino- Alto Adige/ Südtirol at Valle d'Aosta/ Vallée d'Aoste ay may ispesyal na porma at kondisyon ng otonomiya alinsunod sa mga ispesyal na batas na inangkin at ipinagtibay ng konstitusyonal na batas.

Ang Trentino- Alto Adige/Sudtirol Region ay binubuo ng mga nagsasariling lalawigan ng Trent at Bolzano. Ang mga karagdagang ispesyal na porma at kondisyon ng awtonomiya na may relasyon sa mga paksang

tinukoy sa Art. 117, parapatlo at parapo dalawa letra l) – limitado sa nesesaryong pang-organisasyonal ng Katarungan

Pangkapayapaan – at letra n) at s), ay maaaring ilapat sa ibang Rehiyon ng Batas Estado, ayon sa pangunguna ng Rehiyong nabanggit, matapos ang konsultasyon sa mga lokal na maykapangyarihan, sang-ayon sa mga prinsipyong inihahapag ng Art. 119. Ang nasabing batas ay inaaprubahan ng parehong Kapulungan sa pamamagitan ng simpleng nakakarami ng kanilang mga miyembro na may basehan sa kasunduan sa pagitan ng Estado at rehiyong nasasangkot.

Art. 117

Ang kapangyarihang magsabatas ay ibinibigay sa Estado at mga Rehiyon alinsunod sa Konstitusyon at nang may mga limitasyon mula sa batas ng

EU at pandaigdigang obligasyon.

Ang estado ay may tanging kapangyarihang magsabatas sa mga sumusunod na usapin

a) patakarang panlabas at pandaigdigang relasyon ng Estado; relasyon sa pagitan ng Estado at ng Unyon ng Europa; karapatan para sa asaylum at legal na katayuan ng mga hindi mamamayan ng EU;

b) imigrasyon;

c) relasyon sa pagitan ng Republika at ng mga pang-relihiyong denominasyon;

d) Depensa at sandatahang lakas, seguridad ng Estado, mga sandata at amyunisyon at mga paputok;

e) sa salapi, pangangalaga sa impok at merkato sa pananalapi; proteksyon sa kompetisyon, sistema sa palitang daigdig; pananalapi, pangangalaga sa mga impok at merkatang pananalapi; proteksiyon laban sa kumpetensya;

sistemang pamalit pandaigdigang buwis ng estado, sistemang “*accounting*,” pagkakapantay sa yamang pinansiyal;

f) lupon ng mga Estado at mga importanteng batas sa halalan; pambansang reperendum; eleksyon sa Parliyamto ng European;

g) legal at administratibong organisasyon ng Estado at ng mga pambansang pampublikong tanggapan;

h) pampublikong kaayusan at seguridad, maliban lamang sa lokal na pulis administratibo;

i) pagkamamamayan, katayuan sibil at tanggapan pangrehistro;

l) batas sa nasasakupan at pamamaraan; batas sa sibil at kriminal; sistemang administratibo ayon sa batas;

m) determinasyon ng pamantayan ng mga benepisyong may kinalaman sa karapatan pangmamamayan at

panlipunan na gagarantiyahan sa buong pambansang teritoryo;

n) mga pangkalahatang edukasyon;

o) panlipunang seguridad;

p) batas ng elektoral, mga namamahaling lupon at mga pundamental na tungkulin ng mga munisipalidad, probinsya at syudad metropolitan;

q) dogana, pangangalaga sa pambansang “border” at pandaigdigang “*prophylaxis*”;

r) yunit ng timbang at sukat; “standard” na oras; “statistical and computerised” na pagtitipon ng datos ng estado, rehiyon at lokal na administrasyon; at mga gawa ng kaisipan;

s) pangangalaga ng kalikasan, ekosistema at kulturang pamana.

Ang mga sinang-ayunang isinabatas ay ginagamit sa mga sumusunod:

pandaigdigang at EU ugnayan ng mga rehiyon; pangangalakal panlabas; pangangalaga at kaligtasan sa trabaho; edukasyon, nakabatay sa pagsasarili ng institusyon sa edukasyon at hindi pagsasama ng edukasyon pangbokasyonal at pagsasanay; propesyon; siyentipiko at teknolohikal na pananaliksik at inobasyon tulong para sa mga produktibong sektor; pangangalagang pangkalusugan; nutrisyon; palakasan; pangkalamitang tulong; plano sa paggamit ng kalupaan; porto sibil at paliparan; malaking transport at nabigasyon networks; komunikasyon; pambansang produksyon, transport at pamamahagi ng enerhiya; kumplimentari at suplementari panlipunang seguridad; pagkakatugunan nng mga pampublikong kwenta at koordinasyon ng pampublikong pinansiya at ang sistema sa buwis; paglinang sa mga kayamanan sa kultura at

kapaligiran at pagbubuo ng mga gawaing pangkultura; mga bankong impukan at mga institusyong nagpapautang para sa agrikultura.

Ang mga Rehiyon ay may kapangyarihang lehislatibo sa lahat ng usapin na hindi kabilang sa Batasan ng Estado.

Ang mga Rehiyon at mga nagsasariling lalawigan ng Trent at Bolzano ay lumalahok sa paghahandang proseso ng pagdedesisyon tungkol sa EU kilos batasan sa mga erya na sakop ng kanilang mga responsibilidad. Sila rin ay responsible para sa implementasyon ng mga pandaigdigang kasunduan at mga patakaran ng EU na nakaayon sa mga alituntuning inilatag ng batas ng Estado na nagreregularisa ng pagpapatupad ng subsidyaryong kapangyarihan ng Estado pagdating sa mga kaso nang di-pagganap ng mga

Rehiyon at nagsasariling mga lalawigan.

Ang mga batas ng Rehiyon ay magtatanggal ng anumang balakid sa pagtatamo ng pangkalahatang pagkakapantay-pantay ng babae at lalake sa aspetong panlipunan, kultura at ekonomiya at magtataguyod ito ng pantay na pagpasok, lalaki man o babae, pagdating sa mga posisyong nahalal.

Ang mga kasunduan sa pagitan ng isang Rehiyon sa iba pang Rehiyon na naglalayon na pagbutihin ang pagganap sa mga panrehiyong tungkulin ay sasang-ayunan ng pang-rehiyong batas.

Sa mga lugar na kabilang sa kanilang mga responsibilidad, ang mga rehiyon ay maaaring pumasok sa mga kasunduan sa mga dayuhang Estado at ibang pang mga lokal na awtoridad sa mga kaso at pagkakataong inilatag ng batasan ng Estado.

Art. 118

Ang mga administratibong tungkulin ay ipinagkakatiwala sa mga Munisipalidad maliban kung ito ay ipinagkakatiwala sa mga probinsya, syudad metropolitan at rehiyon o sa Estado, alinsunod sa mga prinsipyo ng subsidyariti, pag-iiba at proporsyonalidad, para matiyak ang kanilang pareho o pantay na implementasyon nito.

Ang mga Munisipalidad, probinsya at syudad metropolitan ay gumagampan ng sarili nilang mga tungkuling administratibo gayundin ng mga tungkuling itinakda sa kanila ng pang-estado o pang-rehiyong pagsasabatas, ayon sa kanilang sariling kakayanan.

Ang pagsasabatas ng Estado ang siyang maglalaan para sa koordinadong kilos sa

pagitan ng Estado at ng rehiyon sa mga usaping nakasaad sa Artikulo 117, parapo 2, letra b at h at maglalaan din ng mga kasunduan at koordinadong aksyon sa larangan ng preserbasyon ng naming kultura.

Ang Estado, mga rehiyon, syudad metropolitan, probinsya at munisipalidad ay magtataguyod ng mga simulaing awtonomo ng mga mamamayan bilang indibidwal at bilang miyembro ng mga asosasyon na may kinalaman sa mga gawaing may pangkalahatang interes sa ilalim pa rin ng prinsipyo ng subsidyariti.

Art. 119

Ang mga Munisipyo, probinsya, syudad metropolitan at rehiyon ay may awtonomiya sa kita at gastos.

Ang mga Munisipyo, probinsya, syudad metropolitan at rehiyon ay magkakaroon ng

nagsasariling pinansiyal na yaman. Nagtatakda sila at nangongolekta ng sarili nilang buwis ayon sa Konstitusyon at ayon sa prinsipyo ng koordinasyon ng ng mga pondo ng Estado at ang sistema ng pagbubuwis. Naghahati sila sa kita mula sa buwis ayon sa kanilang sariling mga teritoryo.

Ang Pagsasabatas ng Estado ang siyang maglalaan ng isang pondong magsasapantay nang walang limitasyon sa paglalaan para sa mga teritoryong may mababang per-capita taxable capacity.

Ang mga kitang makukuha mula sa mga nabanggit na pinagmulan ay magbubunsod sa mga nasabing mga Munisipyo, probinsya, syudad metropolitan at rehiyon na gastusan ang kanilang mga sariling public fundtions.

Ang Estado ay maglalaan ng pagpupunang yaman at kukuha ng mga ispesyal na

paraan para sa mga ispesipikong munisipyo, probinsya, syudad metropolitan at rehiyon para itaguyod ang kanilang ekonomyang pag-unlad kasabay ng social cohesion at solidarity, bawasan ang mga panlipunan at pang-ekonomyang di pagkakapantay-pantay, pagyamanin ang pagtaguyod sa karapatan ng tao atmarating ang mga layuning labas pa sa mga nais marating sa ordinaryong implementasyon ng kanilang mga tungkulin.

May sariling kayamanan ang mga munisipyo, probinsya, syudad metropolitan at rehiyon na inilalaan sa kanila ayon sa mga pangkalahatang prinsipyong inilalatag ng State legislation. Maaari lamang silang makapangutang kung ito ay para lamang pinansyahan ang gastusin sa pamumuhunan. Ang mga garantiyang Estado para sa

mga utang na kinuha para sa ganitong layunin ay hindi maaaring tanggapin.

Art. 120

Hindi maaaring buwisan ang mga luwas o angkat o sa pagbibiyaha ng kalakal sa pagitan ng mga Rehiyon o magpanukala ng mga pamamaraan na makakasagka sa kalayaang gumalaw ng mga tao o mga komoditi sa pagitan ng mga Rehiyon. Hindi maaaring limitahan ng mga Rehiyon ang karapatan ng mamamayan na magtrabaho saan mang bahagi ng pambansang teritoryo.

Maaaring gumampan ang gobyerno para sa mga organo ng rehiyon, syudad metropolitan, probinsya at munisipalidad kung ang rehiyon ay hindi makaangkop sa pandaigdigang patakaran o lehislasyon ng EU o sa kaso ng matinding panganib para sa kaligtasan at seguridad ng publiko, o sa anumang pagkakataong kailangang

ipreserba ang legal at pang-ekonomyang pagkakaisa.

Art. 121

Ang mga organo ng Rehiyon ay ang: Pang-rehiyong Konseho, Pang-rehiyong Tagapagpaganap at ang Pangulo nito.

Ang Pang-rehiyong Konseho ang magpapalakad ng kapangyarihang legislatibo gayundin ang iba pang mga tungkuling ipinagkaloob ng Konstitusyon at ng mga batas. Maaari itong magsumite ng mga panukalang batas sa Parliyamanto o Kapulungan.

Ang Pang-rehiyong Tagapag-paganap ang lupon tagapag-paganap ng Rehiyon.

Ang Pangulo ng Pangrehiyong Tagapag-paganap ang kumakatawan sa Rehiyon, namamahala at responsable sa pagawa ng mga patakaran ng Tagapag-paganap, gumagawa ng batas at mga batas ng

rehiyon, namamahala sa administratibong tungkuling iniatang sa rehiyon ng Estado ayon sa mga tagubilin ng Gobyerno ng Republika.

Art. 122

Ang sistemang elektoral at ang mga usapin ng pagiging hindi karapat dapat at walang kakayahan ng Pangulo at iba pang miyembro ng Pangrehiyong Tagapag-paganap at Sangguniang Pangrehiyon ay itatakda ng isang batas pang-rehiyon ayon sa mga pundamental na prinsipyo ng batas ng Republika na siya ring nagtatakda ng termino ng mga halal na pinuno.

Walang sinuman ang maaaring maging kasapi ng parehong Sangguniang Pangrehiyon o Pangrehiyong Tagapagpaganap at sa mga Kapulungan sa isa pang Sangguniang Pangrehiyon o kaya sa Kapulungan ng Europa.

Ang Sanggunian ay maghahalal ng Pangulo sa kanilang mga kasapi at ng "Bureau".

Ang mga Kagawad ng Pangrehiyon ay hindi mananagot para sa opinyong inilahad at mga botong ginawa nito sa paggampan ng kanyang mga gawain.

Ang Pangulo ng Pangrehiyong Tagapag-paganap ay ihahalal sa pamamagitan ng unibersal at direktang botohan maliban kung may ibang paraang nakasaad sa batas ng rehiyon. Ang halal na pangulo ay maghihirang at magtatanggal ng mga miyembro ng Tagapagpaganap.

Art. 123

Ang bawat Rehiyon ay magkakaroon ng batas na naayon sa Konstitusyon, maglalalag ng anyo ng gobyerno at ng mga batayang prinsipyo oara sa organisasyon at operasyon ng rehiyon. Ang batas ang

siyang magkokontrol sa karapatan na magpasimula ng lehislasyon at magtaguyod ng referenda ng mga batas at administratibong alituntunin gayundin ang paglalathala ng mga batas at mga patakaran pang-rehiyon.

Ang mga batas ng rehiyon ay ipinapagtibay at inaamendahan ng Pangrehiyong Konseho, ina-apubahan ito ng nakararami matapos ang dalawang magkasunod na deliberasyon sa loob ng dalawang buwan. Ang “visè” ng Komisyoner ng Gobyerno ay hindi na kailangan para dito. Maaaring isumite ng Gobyerno ng Republika ang “constitutional legitimacy” ng mga batas ng rehiyon sa Korte Konstitusyunal sa loob ng tatlong araw matapos itong mailathala

Ang batas ay isusumite para sa isang referendum kung hihilingin ng sang-

kalimampu (1/50th) ng mga botante o hilingin ng sangikalima (1/5th) ng myembro ng Pangrehiyong Konseho sa loob ng tatlong buwan matapos itong mailathala. Ang batas na isinumite para sa isang referendum ay hindi maisasabatas kung hindi aprubado ng mayorya ng mga botong may-bisa.

Sa bawat rehiyon, ang Konseho ng Lokal ng mga Pinuno bilang Kinatawang Pangsangunian sa pagitan ng mga pinuno sa Rehiyon at local ay gagabayan ng batas.

Art. 124

(Tinanggal)

Art. 125

Ang mga hukumang administratibo ng “first instance” ay itatag sa Rehiyon ayon sa mga alituntuning itinatag ng batas ng Republika. Maaaring magtakda ng mga seksyon sa mga lugar labas ng pangrehiyong kabisera.

Art. 126

Maaaring lusawin ang Sanguniang Pangrehiyon at ang Pangulo ng Tagapagpaganap ay maaaring mapaalis sa pwesto sa pamamagitan ng isang atas ng Pangulo ng Republika kung ang mga ginagawa ng una ay labag sa batas at sa Konstitusyon.

Ang paglusaw o pagtanggap ay maaari ring pagdesisyunan para sa ikabubuti ng pambansang seguridad. Ang nasabing atas (decree) ay mapagtitibay matapos ang isang konsultasyon sa komite ng mga Diputato at Senador para sa Pangrehiyong “affairs” na bubuuin sa paraang itinatakda ng batas ng Republika.

Maaring magpatibay ang Sangguniang Pangrehiyon ng isang mosyon ng kawalang tiwala laban sa Pangulo na pirmado ng sang-kalima (1/5) ng myembro nito at ipinagtibay sa pamamagitan ng taas kamay na botohan

na mayroon simpleng nakararami ng kasapian.

Ang nasabing mosyon ay hindi maaaring pagdebatehan bago ang tatlong araw matapos ang paghahain nito.

Ang pagpapatibay ng nasabing mosyon ng walang tiwala laban sa Pangulo na naihalal sa pamamagitan ng unibersal at direktang halalan at ang pagpapatanggal sa pwesto, permanenteng inabilidad, kamatayan o boluntaryong pagbibitiw ng Pangulo ay mangangailangan ng pagbibitiw ng Tagapagpaganap at ang paglusaw ng Sanggunian. Ito rin ang epekto ng sabayang pagbibitiw ng mayoryang myembro nito.

Art. 127

Ang Gobyerno ay maaaring magsumite ng “constitutional legitimacy” ng isang batas ng rehiyon sa Korte Konstitusyionale sa loob ng anim-napung araw

matapos ang paglalathala nito.

Ang Rehiyon ay maaaring magsumite ng “constitutional legitimacy” sa isang Estado o pang-rehiyong batas o alituntunin na may bisa ng batas sa “Constitutional Court” sa loob ng animnapung araw matapos ng publikasyon nito kung sa tingin ay nakakasagka sa kagalingan nito.

Art. 128

(Tinanggal)

Art. 129

(Tinanggal)

Art. 130

(Tinanggal)

Art. 131

Itatag ang mga sumusunod na Rehiyon:

Piemonte;
Valle d’Aosta;
Lombardiya;
Trentino-Alto Adige;
Veneto;
Friuli-Venezia Giulia;

Liguria;
Emilia-Romagna;
Tuscany;
Umbria;
The Marches;
Latium;
Abruzzi;
Molise;
Campania;
Apulia;
Basilicata;
Calabria;
Sicily;
Sardinia.

Art. 132

Sa pamamagitan ng Batas ng Konstitusyon, matapos ang konsultasyon sa mga Sangguniang Pangrehiyon, maaaring mapagdesisyunan ang pagsasanib ng mga rehiyon o ang pagbubuo ng bagong Rehiyon na may minimum na populasyon na isang milyon kung may kahilingang nagmula sa ilang mga Sangguniang Pambayan na kumakatawan sa hindi bababa sa sangkatlo (1/3) ng populasyon at ang nasabing kahilingan ay

aprubado ng referendendum ng mayorya ng nasabing mga populasyon.

Ang mga Probinsya at Munisipalidad na hihiling na mahiwalay sa isang Rehiyon at maisama sa isa pa ay maaaring payagan matapos ang isang referendum at isang batas ng Republika na aaprubahan ng mayorya ng populasyon ng Probinsya o mga Probinsya o ng Munisipalidad na nasasangkot, matapos na mapakinggan ng Sangguniang Pangrehiyon.

Art. 133

Ang mga pagbabago sa panlalawigan “boundaries” at ang pagkakaroon ng mga bagong Probinsya sa loob ng isang Rehiyon ay kinokontrol ng batas ng Republika, sa inisyatiba ng mga Munisipalidad at matapos ang konsultasyon sa Rehiyon.

Ang rehiyon, matapos ang konsultasyon sa populasyong nasasangkot ay

maaaring magtatag sa pamamagitan ng kanyang batas, ng mga bagong Munisipalidad sa loob ng kanyang teritoryo o baguhin ang kanyang mga distrito at pangalan ng mga ito.

Titolo VI

Garantiya ng Konstitusyon

Seksiyon I

Ang korteng

Pangkonstitusyon

Art. 134

Ang Korteng Pangkonstitusyon ay maghahapag ng kanyang pagpapasya sa mga sumusunod:

Mga kontrobersya ukol sa konstitusyunalidad ng mga batas at mga enactments na may bisa ng batas na inisyu ng Estado at ng mga rehiyon;

Mga salungatang iniluwal ng alokasyon ng kapangyarihan sa Estado at iyung mga Estado at

rehiyon at sa pagitan ng mga rehiyon.;

Mga akusasyon laban sa Presidente ng Republika, ayon sa probisyon ng Konstitusyon.

Art. 135

Ang Korteng Pangkonstitusyon ay kinabibilangan ng labinlimang hukom, sang-ikatlong hinirang ng Pangulo ng Republika, sang-ikatlo ng magkasanib na Parliyamto at sang-ikatlo ng mga ordinaryo at administratibo mula sa Korte Suprema.

Ang mga hukom ng Korteng Pangkonstitusyon ay pagpipilian mula sa mga hukom, kabilang na ang mga retirado, sa mga ordinaryo at mataas na hukumang administratibo, mula sa propesor ng batas sa unibersita at mga abogadong may humigit dalawampung taon sa praktis ng abogasya.

Ang mga hukom ng Korteng Pangkonstitusyon

ay ihihirang sa loob ng siyam na taon umpisa sa bawat isa simula sa araw ng kanilang panunumpa at hindi na sila maaaring mahirang muli.

Pagkatapos ng nasabing panahon, ang constitutional judge ay hindi na muling mahihirang at hindi na niya pwedeng ipatupad ang kanyang mga nasabing tungkulin.

Ihahalal ng Korte mula sa kanyang mga myembro, ayon sa mga alituntuning itinakda ng batasm ang Pangulo na siyang mananatili sa pwesto ng tatlong taon ay maaari siyang muling maihalal.

Ang tanggapan ng Hukom ng Pangkonstitusyon ay hindi magiging myembro ng parliyamto, ng sangguniang pangrehiyon at sa praktis ng propesyong abugasya at sa anumang talagang posisyon o opisinasang itinakda ng batas. Sa pagaalis (impeachment) ng Pangulo ng Republika, maliban sa mga hukom ng

Korte, mayroon ding pipiliing labing-anim na myembro mula sa listahan ng mga mamamayan na may kinakailangang kwalipikasyon para mahalal sa Senado na siya namang hinahanda ng Parliyamant tuwing ika-siyam na taon sa pamamagitan ng eleksyon gamit ang parehong mga pamamaraan sa pag-appoint o paghirang ng mga ordinaryong hukom.

Art. 136

Sa panahong ideklara ng Korte na hindi konstitusyunal ang isang batas, mawawalan ito ng bisa isang araw matapos malathala ang desisyon ng korte.

Ang desisyon ng Korte ay ilalathala at ipapaabot sa mga Kapulungan at sa mga Sangguniang Pangrehiyon o kung saan man nakikitang mahalagang ipaabot, at ang mga ito ay kikilos ayon sa itinakdang konstitusyunal na pamamaraan.

Art. 137

Ang konstitusyunal na batas ay magtatatag ng mga kondisyon, porma at termino ng pagpapanukala ng mga pasya kaugnay ng constitutional legitimacy at titiyakin nito ang kalayaan ng mga hukom pang-konstitusyon.

Ang mga ordinaryong batas ang siyang magtatatag ng iba pang kailangang mga probisyon para sa konstitusyon at sa pagpapalakad ng mga Korte.

Walang pinapahintulutang apila laban sa desisyon ng Korteng Pangkonstitusyon.

Seksiyon II

*Pagsusog sa Konstitusyon -
Ang mga batas ng
konstitusyon*

Art.138

Ang mga batas sa pagsusug sa Konstitusyon at iba pang mga batas ng Konstitusyon ay pagtitibayin ng bawat

Kapulungan matapos ang dalawang magkasunod na debate na may pagitan na hindi bababa sa tatlong buwan at aaprubahan ng simpleng nakakarami ng miyembro ng bawat Kapulungan sa ikalawang botohan.

Isusumite ang mga nasabing batas sa reperendum sa loob ng tatlong buwan matapos itong mailathala. Ang nasabing kahilingan ay dapat magmula sa one-fifth ng miyembro ng Kapulungan o limangdaang botante o limang regional councils. Ang batas na isusumite para sa referendum ay hindi maisasabatas kung hindi inaprubahan ng mayorya ng mga botong may bisa.

Walang magaganap na referendum kung naaprubahan ang batas sa ikalawang botohan ng bawat isang Kapulungan sa pamamagitan ng mayorya ng two-thirds ng mga miyembro nito.

Art. 139

Hindi maaaring maging paksa ng pagbabago ng konstitusyon ang porma ng Republika.

MGA PANSAMANTALA AT HULING TAKDA

I

Sa implementasyon ng Konstitusyon, ang probisyunal na Pinuno ng Estado ay gagampan nang tulad ng Pangulo ng Republika.

II

Kung sa takdang araw ng eleksyon para sa Pangulo ng Republika ay hindi pa nakatayo ang lahat ng mga Sangguniang Pangrehiyon, ang mga myembro lamang ng dalawang Kapulungan ang siyang lalahok sa eleksyon.

III

Para sa unang komposisyon ng Senado ng Republika, mga diputato ng Constituent Assembly na nagtataglay ang lahat ng rekisitos ng batas para maging senador at:

Naging mga pangulo ng Konseho ng mga Ministro o

ng Legislative Assemblies; naging myembro ng nilusaw na senado;

Naihalal ng halos tatlong beses kasama na ang sa Constituent Assembly;

Tinanggal sa pag-upo ng Chamber of Deputies of 9 November 1926;

Nakulong nang hindi kulang sa limang taon bilang sentensya ng espisyal na hukuman sa pasista para sa pagtatanggol sa Estado;

Ay mahihirang na senador.

Ang mga naging myembro ng nilusaw na Senado at naging bahagi ng Consulta Nazionale ay maaari ring mahirang na senador.

Ang karapatang mahirang na senador ay maaaring tanggihan o isuko bago ang pagpirma ng decree of appointment.

Ang pagtanggap ng kandidatura para sa eleksyong pulitikal ay isang pagtalikod na sa karapatang mahirang bilang senador.

IV

Para sa unang eleksyon ng Senado, ang Molise ay titignan bilang isang rehiyon na may takdang bilang ng senador sa basehan ng populasyon.

V

Ang probisyon ng Artikulo 80 ng Konstitusyon ukol sa pandaigdigang kasunduan na may kinalaman sa pondo o pagbabago sa batas ay magiging epektibo mula sa petsa ng kumbokasyon ng Parliyamento.

VI

Sa loob ng limang taon matapos maging epektibo ang Konstitusyon, ang mga “special jurisdictional bodies” na nakatinding pa rin ay irerebisa maliban sa kapangyarihan o sakop (jurisdiction) ng Council of State, Court of Accounts, at Hukumang Militar. Sa loob ng isang taon ng parehong petsa, isang batas ang maglalalatag ng

reorganisasyon ng Kataas-taasang Hukumang Militar ayon sa Artikulo 111.

VII

Hanggang sa panahong magkaroon ng isang bagong batas ukol sa hudikatura ayon sa Konstitusyon, patuloy pa rin ang mga probisyong nakalatag ukol dito. Hanggang sa panahong mag-umpisang gumana ang mga Constitutional Courts, ang mga desisyon sa mga kontrobersyang binabanggit sa Artikulo 134 ay ipapatupad sa porma at ayon sa mga limitasyon ng mga probinsyon na umiiral bago ang implementasyon ng Konstitusyon.

VIII

Ang eleksyon ng mga Sangguniang Pangrehiyon at ng mga nahalal na pulong ng administrasyong pangprobinsiya ay ipapatawag sa loob ng isang taong implementasyon ng Konstitusyon.

Para sa bawat sangay ng administrasyong pampubliko, ang mga batas ng Republika ang siyang magreregularisa sa mga pagpasa ng mga state functions na kaakibat sa mga rehiyon.

IX

Ang Republika, sa nilolooban ng tatlong taon na pagpapatupad ng Konstitusyon, ay pwedeng magbago batay sa pangangailangan ng mga lokal na otonomiya at sa lihislatibong hurisdiksyon naatang sa mga Rehiyon.

X

Pansamantalang ipapatupad para sa Rehiyon ng Friuli-Venezia Giulia, ayon sa Artikulo 116, ang mga pangkalahatang probisyon ng Titulo V sa ikalawang bahagi nang walang epekto sa proteksyon ng mga “linguistic minorities” ayon sa Artikulo 6.

XI

Hanggang sa limang taon matapos ang implementasyon ng Konstitusyon, ang ibang rehiyon ay maaaring maitatag ayon sa konstitusyunal na batas na siyang kagyat na nag-aamenda sa listahan sa Artikulo 132, nang walang epekto sa obligasyon ang mga mamamayang sangkot.

XII

Mahigpit na ipinagbabawal ang reorganisasyon ng nalusaw nang Partido ng Pasista. Sa kabila ng Artikulo 48, itinatag ng batas, ng hindi hihigit sa limang taon mula sa implementasyon ng Konstitusyon, ang mga pansamantalang limitasyon sa karapatang bumoto at karapatang angkop para sa mga lider na responsible sa pasistang rehimen.

XIII

Ang mga myembro at mga inapo ng pamilyang Savoy ay hindi maaaring maging botante at hindi maaaring umupo o ihalal sa pampublikong posisyon.

Sa mga dating hari ng pamilya ng Savoy, sa kanilang mga “consorts” at mga lalaking inapo, ipinagbabawal ang akses at pagtira sa pambansang teritoryo.

Ang mga ari-ariang umiiral sa loob ng pambansang teritoryo ng mga dating hari ng pamilya ng Savoy, ang kanilang mga konsorte at lalaking inapo ay babalik sa Estado. Ang paglipat at pagtatatag ng karapatang maghari sa mga nasabing ari-arian na naganap matapos ang 2 Hunyo 1954 ay walang halaga at walang bisa.

XIV

Hindi kikilalanin ang anumang titulo ng pagiging banal..

Ang mga “*predicate*” na umiral bago ang 28 Oktubre 1922 ay magiging bahagi ng pangalan.

Ang Order of Saint Mauritius ay pananatilihin bilang korporasyong ospital at gagampan ayon sa mga paraang itinakda ng batas.

Ang batas ang mangangasiwa sa supresyon ng Heraldic Council.

XV

Sa implementasyon ng Konstitusyon, ipapasa na isang batas ang legislative decree ng Lieutenant of the Realm No. 151 ng 25 Hunyo 1944.

XVI

Sa loob ng isang taon ng implementasyon ng Konstitusyon, mag-uumpisa na ang pagbabago at koordinasyon para sa mga naunang kontitusyunal na batas na hindi pa natanggal.

XVII

Ipapatawag ng Pangulo ng Kapulungang Pangkonstitusyon ang huli upang magdesisyon ukol sa batas para sa eleksyon ng Senado ng Republika, sa mga spesyal na pangrehiyong na batas at sa batas na gagabay sa medya bago ang 31 Enero 1948.

Maaaring ipatawag ang Kapulungang Pangkonstitusyon hanggang sa araw ng eleksyon ng bagong Kapulungan kung ito ay kinakailangang magdesisyon sa mga bagay na sakop ng kanyang kapangyarihan ayon sa Artikulo 2, parapo isa at dalawa at Artikulo 3 parapo isa at dalawa, ng legislative decree No. 98 ng 16 March 1946.

Hanggang sa panahong iyon, mananatili sa paggampan ng kanilang tungkulin ang mga permanenteng komite. Ibabalik ng mga legislative committee sa gobyerno ang mga panukalang batas

ipinadala sa kanila kalakip ang kanilang mga obserbasyon at mungkahi para sa pagsusog.

Maaaring maglatag ng mga tanong ang mga Diputado sa Gobyerno na may kalakip na kahilingan para magbigay ng nakasulat na sagot.

Ayon sa ikalawang parapo ng Artikulong ito, ang Kapulungang Pangkonstitusyon ay ipapatawag ng Pangulo nito sa isang dokumentadong kahilingan ng Gobyerno o ng dalawang daang diputato.

XVIII

Ang kasalukuyang Konstitusyon ay isasabatas ng probisyunal na Pinuno ng Estado sa loob ng limang araw matapos itong aprubahan ng Kapulungang Pangkonstitusyon at magkakabisa sa 1 Enero 1948.

Ang Texto ng Konstitusyon ay idedeposito sa bahay pamayanan o munisipyo ng

bawat Munisipalidad ng Republika at ipapakita sa madla sa buong taon ng 1948 para malaman ng bawat mamamayan ang tungkol dito.

Ang Konstitusyon, na may selyo ng Estado ay isasama sa Official Records ng mga batas at atas ng Republika.

Ang Konstitusyon ay kinakailangang buong pusong sinusunod ng mamamayan bilang pundamanetal na batas ng Republika.

Ibinigay sa Roma ngayong ika- 27th Disyembre 1947

Enrico De Nicola

COUNTERSIGNED:

Presidente ng

Kapulungang

Pangkonstitusyon ng

Sanggunian ng mga

Ministro

Umberto Terracini

Alcide De Gasperi

Visaed: *Tagatago ng selyo*

Grassi